



Ang Pakikipag- tulungan Para sa Pangangalaga sa Pasyente

Ano Ang Mga Maaasahan, Mga Karapatan, at Mga Pananagutan

*Ano ang maaasahan habang
kayo ay nasa ospital:*

- Mahusay na pangangalaga sa ospital.
- Isang malinis at ligtas na kapaligiran.
- Kasali kayo sa inyong pangangalaga.
- Proteksyon sa inyong pagka-pribado.
- Pagbibigay-tulong kapag paalis na sa ospital.
- Pagbibigay-tulong sa inyong mga billing claims (hihilingin ukol sa singil).



American Hospital
Association



Ang Pakikipag- tulungan Para sa Pangangalaga sa Pasyente

Ano Ang Mga Maaasahan, Mga Karapatan, at Mga Pananagutan

Kapag kailangan ninyo ng pangangalaga sa ospital, mangangako ang inyong doktor at mga nars at ibang mga propesyonal sa aming ospital na makipagtulungan sa inyo at sa inyong pamilya upang matugunan ang inyong mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan. Ang aming mga maasiksang doktor at mga tauhan ay nagsisilbi sa komunidad na binubuo ng mga taong may iba't ibang etnikong pinanggalingan, pananampalataya, at kakayahan sa pananalapi. Ang aming layunin ay ang magkaroon kayo at ang inyong pamilya ng parehong pangangalaga at pag-aasikaso na gusto rin namin para sa aming pamilya at sa aming sarili.

Ipinapaliwanag ng mga bahagi sa ibaba ang ilang mga mahalagang impormasyon tungkol sa maaasahang pagtrato sa inyo habang kayo ay nasa ospital. Sinasaklaw din nito ang kailangan namin sa inyo upang maalaagan namin kayo nang mas mahusay. Magtanong lamang kahit kailanman kung mayroon kayong katanungan. Ang mga katanungan na hindi naitatanong o hindi nasasagot ay maaring makadagdag sa hirap ng ma-ospital. Ang inyong kaginhawaan at tiwala sa inyong pangangalaga ay napakahalaga para sa amin.





Ano ang Maaasahan Habang Kayo ay Nasa Ospital:

Mahusay na pangangalaga sa ospital.

Ang aming unang priyoridad ay ang magbigay sa inyo ng pangangalaga nang may kahusayan, awa, at galang; pangangalaga na kinakailangan ninyo, kapag kinakailangan ninyo. Sabihin sa inyong mga tagapag-alaga kung mayroon kayong inaalala tungkol sa inyong pangangalaga o kung mayroong masakit sa inyo. Mayroon kayong karapatan na malaman kung sino ang mga doktor, mga nars, at ibang mga taong kalahok sa pangangalaga sa inyo, at mayroon kayong karapatang malaman kung sila ay mga estudyante, residente, o iba pang mga trainee.

Isang malinis at ligtas na kapaligiran.

Nagsisikap ang aming ospital na panatilihin likayong ligtas. Gumagamit kami ng mga ltanging polisy a at mga pamamaraan upang iwasan ang magkamali sa inyong pangangalaga at panatilihin kayong malaya sa abuso o pagpapabaya. Kung may mangyayaring makahulugan at 'di-inaasahan habang kayo ay nasa ospital, sasabihin sa inyo kung ano ang nangyari at tatalakayin sa inyo kung may mga pagbabago sa inyong pangangalaga na dulot nito.

Kasali kayo sa inyong pangangalaga.

Kayo at ang inyong doktor ay madalas gumawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga bago kayo magpunta sa ospital. Sa ibang panahon naman, lalo na kapag may mga emerhensiya, ang mga desisyon na iyon ay ginagawa habang kayo ay nasa ospital. Kapag nagpapasiya, dapat talakayin ang mga sumusunod:



Pag-usapan ang inyong medikal na kondisyon at impormasyon tungkol sa mga angkop na mapagpipiliang paggamot.

Upang makapagpasiya kayo nang may kaalaman kasama ang inyong doktor, kailangan ninyong maintindihan:

- Ang mga benepisyo at mga panganib ng bawat paggamot.
- Kung ang inyong paggamot ay eksperimental o bahagi ng isang pag-aaral para sa pagsasaliksik.
- Kung ano ang makatwiran ninyong maaasahan mula sa inyong paggamot at ano mang mga maaaring pangmatagalang epekto nito sa inyong kalidad ng buhay.
- Kung ano ang kailangan ninyo at ng inyong pamilya na gawin pagkatapos ninyong lumabas sa ospital.
- Ang mga magiging epekto ukol sa pananalapi ng paggamit ng mga serbisyo na hindi sinasaklaw o paggamit ng mga provider na wala sa network.

Mangyaring sabihin sa inyong mga tagapag-alaga kung kailangan ninyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga mapagpipiliang paggamot.

Pag-usapan ang inyong plano ng paggamot.

Kapag pumasok kayo sa ospital, lalagda kayo ng pangkalahatang pagsang-ayon sa paggamot. Sa ilang kaso, tulad ng operasyon o eksperimental na paggamot, maaring hilingin kayong komfirmahan nang nakasulat na naiintindihan ninyo kung ano ang plinaplano at na sumasang-ayon kayo dito. Inaalagaan ng proseso na ito ang inyong karapatan na sumang-ayon o tumanggi sa paggamot. Ipapaliwanag sa inyo ng inyong doktor kung ano ang magiging medikal na epekto kapag tinanggihan ang rekomendadong paggamot. Pinoprotektahan din nito ang inyong karapatan na magpasiya kung gusto ninyong lumahok sa isang pag-aaral para sa pagsasaliksik.



Ang pagkuha sa inyo ng impormasyon. Kailangan ng inyong mga tagapag-alaga ng kompleto at wastong impormasyon tungkol sa inyong kalusugan at coverage upang makapagpasiya sila nang mahusay tungkol sa inyong pangangalaga. Kasama dito ang:

- Mga nakaraang sakit, mga operasyon o pagka-ospital.
- Mga nakaraang alerdyi na reaksyon.
- Anumang mga gamot o karagdagang iniinom (tulad ng mga bitamina at herbs) ninyo.
- Anumang mga pangangailangan ng network o ng admission (pagpasok sa ospital) sa ilalim ng inyong plano ng kalusugan.

Unawaan ang inyong mga layunin at mga pinahahalagahan sa kalusugan. Maaring mayroon kayong mga layunin at mga pinahahalagahan sa kalusugan o mga spiritwal na paniniwala na mahalaga sa inyong kapakanan. Ang mga ito ay bibigyan-pansin, hangga't maaari, hanggang lumabas kayo sa ospital. Siguruhin na alam ng inyong doktor, inyong pamilya, at inyong pangkat sa pangangalaga kung ano ang inyong mga kahilingan.

Unawaan kung sino ang dapat magpasiya kapag hindi kayo makapagpasiya. Kung lumagda kayo ng isang power of attorney para sa pangangalaga sa kalusugan, na nagpapahayag kung sino ang dapat magsalita para sa inyo kung hindi kayo makapagpasiya para sa inyong sarili tungkol sa pangangalaga sa kalusugan, o isang "living will" (testamento habang buhay pa), o "advance directive" (paunang utos) na nagpapahayag ng inyong mga kahilingan tungkol sa pangangalaga sa katapusan ng buhay, magbigay ng mga kopya nito sa inyong doktor, inyong pamilya, at inyong pangkat sa pangangalaga. Kung kailangan ninyo o ng inyong pamilya ng tulong sa pagpapasiya sa mga bagay na mahirap pagpasiyahan, mayroong mga tagapayo, mga ministro, at iba pang makakatulong.

Proteksyon sa inyong pagka-pribado.

Iginagalang namin ang paglilihim ng ugnayan ninyo sa inyong doktor at ng ibang mga tagapag-alaga, at ang sensitibong impormasyon tungkol sa inyong kalusugan at pangangalaga sa kalusugan na bahagi ng ugnayan na ito. Pinoprotekta ng estado at pederal na batas at mga polisy sa pagpapalakad ng ospital ang pagka-pribado ng inyong medikal na impormasyon. Makakatanggap kayo ng Notice of Privacy Practices (Paunawa ng mga Palihim na Gawain) na naglalarawan ng mga paraan ng aming paggamit, pagbunyag at pagprotekta ng impormasyon ng pasyente at na naglalarawan kung paano kayo makakakuha ng kopya ng impormasyon mula sa aming mga rekord tungkol sa inyong pangangalaga.

Hinahanda kayo at ang inyong pamilya para sa panahon ng paglabas sa ospital.

Kaugnay ng inyong doktor ang tauhan at mga propesyonal sa ospital sa inyong komunidad. Mahalaga rin ang ginagampanan ninyo at ng inyong pamilya sa inyong pangangalaga. Ang tagumpay ng inyong paggamot ay madalas bumabatay sa inyong mga pagsisikap na sundin ang pag-inom ng gamot, diyeta, at mga plano ng terapi. Maaring kailangan ang tulong ng inyong pamilya sa pangangalaga sa inyo sa bahay.



Maaasahan ninyo na sasabihin namin sa inyo kung saan kayo makakakuha ng follow-up na pangangalaga at kung ang aming ospital ay kasosyo sa anumang referral (lugar/tao na babanggitin ng ospital kung saan kayo mabibigyan ng pangangalaga). Kung sasang-ayon kayo sa aming pagbahagi sa kanila ng impormasyon tungkol sa inyong pangangalaga, makikipag-ugnayan kami sa inyong mga tagapag-alaga sa labas ng ospital tungkol sa aming mga gawain. Maaasahan rin ninyong makatanggap ng impormasyon at, kung maaari, pagsasanay tungkol sa pangangalaga sa sarili na kakailanganin ninyo pag-uwi ninyo.

Tulong sa inyong bill (singil sa inyo) at pagharap ng insurance claims (mga kahilingan sa seguro).

Maghaharap ang aming tauhan para sa inyo ng claims sa mga seguro sa pangangalaga sa kalusugan o iba pang mga programa tulad ng Medicare at Medicaid. Tutulungan din nila ang inyong doktor sa mga kinakailangang dokumentasyon. Kadalasang mahirap maintindihan ang mga singil ng ospital at coverage ng seguro. Kung mayroon kayong katanungan tungkol sa singil sa inyo, makipag-alam sa aming opisina. Kung kailangan ninyo ng tulong upang maunawaan ang inyong coverage ng seguro o plano sa kalusugan, mag-umpisa sa inyong kompanya ng seguro o manager ng mga benepisyo sa kalusugan. Kung wala kayong coverage para sa kalusugan, sisikapin naming tulungan kayo at ang inyong pamilya na humanap ng tulong sa pananalapi o makipagsa-ayos sa ibang paraan. Kailangan namin ang inyong tulong sa pagkuha ng impormasyon at iba pang mga kinakailangan upang makakuha ng coverage o tulong.





**American Hospital
Association**

Habang nandito kayo, bibigyan kayo ng mga mas madetalyeng pahayag tungkol sa ilan sa inyong mga karapatan bilang pasyente sa ospital at kung paano ito gagamitin. Handa kami laging bumuti. Kung kayo ay may mga katanungan, mga puna, o mga inaalala, mangyaring makipag-alam: